Ano ang All Kids?
Ang programang All Kids ni Gobernador Blagojevich ay isang kompletong programa sa pangangalaga ng kalusugan para sa bawat hindi naka-segurong bata sa Illinois. Ang Illinois ay ang pinakaunang lalawigan sa bansa na nagsigurado na bawat bata ay makakakuha ng pangangalaga ng kalusugan na hindi alintana ang medical na kalagayan o suweldo,

Ano ang sinaklawan ng All Kids?
Sinasaklawan ng All Kids ang lahat ng pangangalaga ng kalusugan na maaaring kailanganin ng isang bata. Ang All Kids ang magbabayad sa pagbisita sa doktor, pagbisita sa ospital, pangangalaga hinggil sa ngipin, pangangalaga hinggil sa mata, mga resetang gamot, kagamitang pangmedikal, serbisyong pangkalusugang pangkaisipan at marami pang iba.

Ano ang mga bagay na kailangan sa suweldo?
Sa All Kids walang limit para sa laki ng suweldo ng pamilya.

Papaano ito gagawin?
Mas mababa ang babayaran ng karamihan ng pamilya sa All Kids kaysa sa segurong pribado. Halimbawa, ang isang pamilya na kumikita ng $50,000 sa isang taon ay magbabayad lamang ng $40 kada buwan para sa isang anak at $80 kada buwan kung higit sa dalawa ang bilang ng mga anak at saka $10 bilang kasamang-bayad para sa bawat pagbisita sa doktor. Ang may apat na miyembro ng pamilya na kumikita ng $29,000 sa isang taon ay walang babayaran buwan-buwan at magbabayad lamang ng $2 bilang kasamang-bayad sa bawat pagbisita sa doktor.

Ang All Kids ay mayroong taunang limit mula sa kabubuan ng kasamang-bayad na binabayaran ng karamihan sa mga pamilya para sa pangangalaga ng kalusugan ng kanilang mga anak. Ang kabuuan ng binabayaran para sa bawat pamilya ay nag-iiba ayon sa suweldo.

Sino ang pupuwede?
Mga bata na edad 18 o pababa na nakatira sa Illinois kasama ang kanilang pamilya at nangangailangan ng segurong pangkalusugan ay makakakuha ng All Kids.

Ano ang nangyari sa KidCare?
Ang programang KidCare ng Illinois ay bahagi na ng All Kids! Kung mayroon kang KidCare, ang iyong mga anak ay awtomatikong magkakaroon ng All Kids. Hindi mo na kailangang sumali uli.

1-866-ALL-KIDS
(1-866-255-5437 Voice) (1-877-204-1012 TTY)
www.allkidscovered.com

ROD R. BLAGOJEVICH
GOVERNOR, STATE OF ILLINOIS